

Hindi mapakali si Quinn. Kanina pa siya nagliligpit ng mga gamit sa ibabaw ng mesa ng sekretarya ng amain pero parang hindi pa rin siya makontento sa ayos niyon. Makikilala niya ang magiging ‘bodyguard’ niya nang umaga na iyon. Si 1st Lieutenant Apollo Marasigan.

Base sa summary of information nito, nagtapos ito sa *PMA* na pang-apat sa batch at agad na pumasok sa *Philippine Air Force* bilang piloto sa 222nd Tactical Airlift Squadron. Itinalaga itong piloto ng mga *Lockheed C-130 Hercules* planes na nagta-transport sa mga sundalo at supplies sa iba’t ibang lugar at isla sa bansa. Marunong din itong magpiloto ng iba’t ibang uri ng helicopters. Matapos ang limang taon sa serbisyo, nag-resign ito at naging kasapi ng *Sentinels*.

He was 5’9”, twenty-seven years old, and single. At kung base sa picture nito, he was also gorgeous. Iyon ang pinakakinakatakutan niya.

Kailangan niyang maging kaibigan ang binata para magtiwala ito sa kanya, subalit kailangan din niyang maging aloof para hindi ito mahumaling. Ang problema niya, picture pa lang, siya yata ang tinamaan.

“Quinn!” masayang bati ng isang babae mula sa pintuan ng opisina. Nag-angat siya ng mukha at nabungaran ang kanyang kinakapatid na si Camilla, ang bunsong anak ni General Herrera. “Long time, no see!”

“Hi, Cammie,” nakangiti niya ring bati pero sana ay hindi maasim ang ngiti niya. Paano mo ba kasi babatiin ang anak ng isang taong pinaghihinalaan mo na gumagawa ng anomalya? “Kumusta ka na?”

“Ito, medyo busy,” sagot ng babae. May dala itong ilang file folders. “Nasaan si Ate Lorna?” hanap nito sa sekretarya ng kanyang ama.

“Lumabas lang. May inutos si Daddy, eh.”

Isa sa mga sekretarya ni Gen. Herrera si Camilla. Kung titingnan, nepotismo iyon, ang pagtanggap sa kaanak para magtrabaho para rito. Mas nadagdagan pa ang hinala ni Quinn sa heneral at mas lalo siyang na-disappoint.

“Ah, eh nand’yan ba si Ninong Hil?”

Tumango siya at itinuro ang opisina ng matanda. “Siya lang ang nand’yan. Nasa labas lang sandali ’yung aide niya.”

Sana ay hindi nito napansin na malamig ang pakikitungo niya rito.

“Ah, di ibibigay ko na lang kay Colonel ’tong mga files mamaya—”

“Good morning po,” sabi ng isang tinig sa bukas na pintuan at sabay silang bumaling doon ni Cammie. Parang nalunok niya ang hininga nang makita ang lalaking nakatayo roon. Mas guwapo pa si Apollo Marasigan sa personal kaysa sa picture nito.

“Apollo!” masayang tawag ni Camilla. Halatang malapit ito sa binata. “Ano’ng ginagawa mo dito?”

“Hi, Cammie!” bati rin nito. “May meeting ako kay Miss Cardenas.”

“Ito si Quinn,” anang babae at itinuro siya.

“Ah...” simula niya. Parang umurong yata ang dila niya at wala siyang maisip na sabihin.

“Ay, Quinn pala. Akala ko ‘kin’ ang pronunciation eh,” sabi nitong may ngiti pa rin sa mga labi.

Hindi pa rin niya alam ang sasabihin.

Bumukas ang pinto ng opisina ni General Suarez at lumabas ang matanda mula roon. “O, Camilla,” sabi nito sa inaanak. Halata ang pagkakaiba ng trato nito sa kanilang dalawa. Mas magiliw ito kay Cammie.

“Good morning, General,” sagot ng babae bago ipinakita ang mga dalang files. “Galing po sa office ni General Herrera. Ipinabigay po ni Major Llanes kay Lieutenant Colonel Esguerra.”

“Ah, siges, ilagay mo na lang d’yan sa mesa.”

Mabuti na lang din, ito na ang nagpakilala kay Apollo. Hindi alam ni Quinn kung makakapagsalita pa siya.

Nakatayo lamang nang tuwid si Apollo. Hindi ito sumaludo dahil sibilyan naman na ito. Nakipagkamay ito kay General

Suarez. At habang kausap nito ang kanyang amain, muli niyang patagong pinagmasdan ang binata.

Matangkad ito, lean ang pangangatawan pero bakas ang mga muscles sa suot na simpleng puting polo. Naka-jeans ito na mas lalong ginawang mukhang pagkahaba-haba ng mga binti, at nakasuot ng itim ding sneakers. Maiksi ang pagkakagupit ng buhok nito na halos semi-kalbo na. Hindi ito mukhang maton dahil hindi matapang ang mukha nito, pero hindi mukhang bading. Guwapo ito. At mukhang mabait. At mukhang mabango.

“So it’s set then,” narinig niyang saad ni General Suarez. “Sasamahan mo si Quinn araw-araw hanggang matapos niya ang nobela niya.”

“Sir, yes, Sir,” sabi ni Apollo bago ito bumaling sa kanya.

“Quinn, lumabas muna kayo ni Apollo,” utos ng heneral. “Take him to breakfast bago kayo magsimula.”

Breakfast?

Muling ngumiti ang binata at lalong nabura ang lahat ng laman ng kanyang isip. “Saan mo gustong kumain?” tanong nito.